# Tungkol sa Paraan ng Pamamagitan

Ang pamamagitan ay hindi puwedeng magkait o mag-antala sa karapatan ng mga magulang sa walang-pinapanigang pamamaraan ng paglutas ng reklamo

❧

Ang pamamagitan ay maaaring hilingin bago ang *o* habang ang walang-pinapanigang pamamaraan ng paglutas ng reklamo ay pinagsisikapang makuha

❧

Ang isang hukom sa batas na pampangasiwaan na bihasa sa pamamagitan ay nangangasiwa sa sesyon

❧

Ang mga abugado ang tagapagtaguyod na pambatas ay maaaring lumahok sa sesyon ng pamamagitan

❧

Ang mga kasunduang ginawa bilang resulta ng pamamagitan ay isusulat at pipirmahan ng lahat ng kalahok

❧

Lahat ng pinag-usapan sa paraan ng pamamagitan ay pananatilihing kompidensiyal

Kailangan ng karagdagang impormasyon? Ang mga sumusunod na tagatulong ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga magulang sa sistema ng maagang pamamagitan.

- Mga tagapag-ugnay ng serbisyo ng Lokal na Infants & Toddlers Program
- Lokal na mga organisasyong nagtataguyod, tulad ng:

  *Advocates for Children and Youth, (410) 547-9200*

  *Family Support Network for Infants and Toddlers With Special Needs, (410) 767-0652, (800) 535-0182*

  *Maryland Disability Law Center, (410) 235-4700, (800) 233-7201; TTY: (410) 235-4227*

  *University of Maryland School of Law General Practice Clinic, (410) 328-3295*

- MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
  Division of Special Education/Early Intervention Services
  **Maryland Infants and Toddlers Program**
  200 West Baltimore Street; Baltimore, MD 21201
  (410) 767-0261 boses • (800) 535-0182 walang-bayad na boses
  (410) 333-8165 fax • (410) 333-0731 TDD


Robert L. Ehrlich, Jr.
*Gobernador*

Edward L. Root
*Presidente, Lupon ng Edikasyon ng Estado ng Maryland*

Nancy S. Grasmick
*Superintendente ng mga Paaralan ng Estado*

Carol Ann Baglin
*Katulong na Superintendente ng Estado*
*Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan*



Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kaugnayan sa patakaran ng departamento, mangyaring kontakin ang Sangay sa Pagtiyak ng Pagkakapantay at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch)sa 410-767-0246 Boses, 410-333-2226 Fax, o 410-333-6442 TDD. ✦ Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan sa pamamagitan ng mga pondo mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong-tatag, IDEA, Bahagi C, Gawad Blg. #H181A020124. ✦ Ang mga opinyong ipinahayag dito ay hindi awtomatikong kumakatawan sa mga opinyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ibang pederal na ahensiya at hindi dapat ituring na kumakatawan. ✦ Walang humahawak ng karapatan sa paglalathala ng impormasyon. Ang mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, pero mangyaring ipagbigay-alam na ito ay galing sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland. ✦ Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) ang dokumentong ito ay makukuha sa mga panghaliling anyo, kung hihilingin. Kontakin ang Division of Special Education/Early Intervention Services, Maryland State Department of Education at 410-767-0261 Boses, 410-333-2661 Fax, 410-333-0731 TDD.

3/04




# Pamamagitan sa Sistema ng Maagang Pamamagitan

KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan
Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata

Tagalog

Paminsan-minsan, ang mga tagapagkaloob ng serbisyo at mga magulang ay hindi nagkakasundo tungkol sa ilang bahagi ng paglahok ng pamilya sa sistema ng maagang pamamagitan, kabilang ang:

- pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat
- pagsusuri o pagtasa ng isang bata
- pagkakaloob ng mga serbisyo sa isang karapat-dapat na sanggol o maliit na bata
- kabayarang obligasyon ng mga magulang para sa mga serbisyong maagang pamamagitan.

Kapag ito ay nangyari, ang komunikasyon ay nagiging mahirap at ang mga partido ay hindi makagawa ng pinagkasunduang desisyon.

Ang isang paraan sa pagharap sa mga reklamo ng mga magulang ay ang Walang-Pinapanigang Pamamaraan ng Paglutas ng Reklamo—ang pormal na paraan na nangangailangan ng paggawa ng desisyon ng mga hukom ng batas na pampangasiwaan, batay sa ebidensiyang iniharap sa isang pagdinig. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paraang ito, sumangguni sa polyetong may titulong *Walang-Pinapanigang Pamamaraan sa Paglutas ng Reklamo,* na makukuha sa Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata ng Maryland.

**Pamamagitan** ay isang di-gaanong pormal na paraan na magagamit upang tugunan ang mga reklamo ng mga magulang. Ito ay nag-uukol ng pinakamalaking panahon sa magkatulong na paglutas ng problema sa pamamagitan ng bukas na komunikasyon, na puwedeng makatulong na patatagin ang relasyon ng mga magulang at mga tagapagkaloob ng serbisyo. Ang pamamagitan ay lubos na kusang-loob—ang mga magulang ay may karapatan na humiling ng sesyong pamamagitan sa halip ng, o bilang karagdagan sa, pormal na Walang-Pinapanigang Pamamaraan ng Paglutas ng Reklamo.

---

Ang pamamagitan ay nagbibigay ng kakayahan sa mga partido ng isang di-pinagkakasunduan na magtulungan sa ilalim ng patnubay ng isang walang-pinapanigang bihasang tagapamagitan. Itinututok ng tagapamagitan ang talakayan sa mga isyu na naghihiwalay sa pamilya at mga tagapagkaloob ng serbisyo. Ang parehong panig ay pinahihintulutan na magharap ng mga impormasyon at ideya, at saka ang tagapamagitan ay mag-aayos ng kasunduan na makakabuti sa bata at sa pamilya.

Kung hangarin man ng tagapamagitan na siguraduhin na matatanggap ng bata ang angkop na mga serbisyong maagang pamamagitan, ang mga magulang at tagapagkaloob ng serbisyo ay dapat magtulungan upang makagawa ng desisyon na maipatutupad nang may katapatan.

Kung magkaroon ng kasunduan bilang resulta ng pamamagitan, ang kasunduang ito ay isusulat at pipirmahan ng lahat ng kalahok.

Kung magkaroon ng kasunduan, ang magulang ay may karapatan pa rin na humiling ng Walang-Pinapanigang Pamamaraan ng Paglutas ng Reklamo.

Anuman ang maging resulta, ang tagapamagitan at lahat ng partido ay nagpapanatili ng pagiging kompidensiyal ng sesyon ng pamamagitan.

## Upang humiling ng pamamagitan, ang mga magulang ay maaaring:

- Magharap ng *Application for Early Intervention Mediation* sa Maryland Office of Administrative Hearings. Ang mga bihasang tagapamagitan ay nakahandang tumulong sa mga magulang at tagapagkaloob ng serbisyo na makagawa ng pinagkasunduang desisyon.

*o*

- Magpadala ng isang nakasulat na reklamo sa Maryland Infants and Toddlers Program na humihiling ng sesyon ng pamamagitan bago ang Walang-Pinapanigang Pamamaraan sa Paglutas ng Reklamo.

Dahil ang kapakanan ng bata ang pangunahing inaalala, ang mga serbisyong maagang pamamagitan ay hindi aantalahin o puputulin ng mga reklamo o pamamaraan na pinasimulan ng pamilya.